

Buod ng Ehekutibo ng mga Pagbabago Epektibo sa Disyembre 6, 2020

Noong Disyembre 3, 2020, ang Estado ay naglabas ng bagong Panrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay na lumilikha ng limang Rehiyon sa loob ng California at nagpapataw ng mga mahigpit na paghihigpit sa anumang Rehiyon kung saan bumababa ang kapasidad ng ICU sa ilalim ng 15%. Ang Opisyal ng Pangkalusugan ng County, kasama ang iba pang mga hurisdiksiyon sa Bay Area, ay nagpasya na magpatupad kaagad ng mga bagong paghihigpit. Itong desisyon ay batay sa kasalukuyan at nakakabahalang pagtaas sa bilang ng mga residente sa Bay Area na nahawaan ng COVID-19, ang bilang ng mga pasyente na na-oospital at nasa ICU na may COVID-19, at ang pangangailangan na gumawa ng mga hakbang upang mapabagal ang pagdami bago malampasan ang kapasidad ng ospital.

Sa Santa Clara County, ang bagong paghihigpit ng Estado ay inilabas sa pamamagitan ng bagong Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba para sa Pagpapatupad ng Panrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay ng Estado. **Ang Direktibang ito ay mananatiling may bisa hanggang Enero 4, 2021 sa 12:01 a.m. maliban kung babaguhin o palalawigin ito ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County.**

Ang [Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa mga Limitasyon sa Kapasidad](#) ay na-update upang ipakita ang kasalukuyang mga limitasyon sa kapasidad para sa mga negosyo, entidad, at aktibidad sa ilalim ng mga bagong paghihigpit sa Panrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay. Bilang karagdagan, ang mga pagbabago ay ginawa sa mga Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba para sa [mga Paqtitipon](#), [mga Serbisyong Pangangalagang Pansarili](#), at [Kainan](#).

Tulad ng dati, ang mga residente at negosyo ng Santa Clara County ay dapat sumunod sa parehong mga Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado at ng County, at kung mayroong pagsalungat sa pagitan ng dalawa, dapat sundin ang mas mahigpit na mga panuntunan.

Nasa ibaba ang mga pangunahing panuntunan sa ilalim ng Binagong Kautusan sa Pagbabawas ng Panganib, na

Pagkakapare-pareho sa Plano ng Estado at sa Panrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay: Maliban kung tinukoy sa Kautusan ng County o sa Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba, pinapayagan ang mga negosyo na makapagbukas hangga't ito ay pinapayagan sa ilalim ng Plano ng Estado at ng mga paghihigpit na nalalapat sa antas na nakatalaga ang County, pati na rin ang Panrehiyon na Kautusan na Manatili sa Bahay.

Mga Kinakailangan na Naaangkop sa Lahat ng Negosyo: Ang Binagong Kautusan ay nangangailangan sa lahat ng mga negosyo na sumunod sa isang hanay ng mga panuntunan upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19, kabilang ang:

1. **Telework:** Lahat ng mga negosyo ay dapat magpatuloy na mangailangan sa mga manggagawa na gawin ang kanilang mga trabaho mula sa bahay hangga't maaari. Ang mga manggagawa ay maaaring lamang pumasok sa trabaho upang makumpleto ang trabaho na hindi nila makumpleto mula sa bahay.
2. **Mga kinakailangan sa Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao:** Lahat ng mga negosyo ay dapat magkumpleto at magsumite ng isang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao para sa bawat isa sa kanilang mga pasilidad sa website ng County sa [COVID19Prepared.org](https://www.sccgov.org/public-health/covid19-prepared). **Ang mga**

Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao na isinumite bago sa Oktubre 11, 2020 ay wala ng bisa.

Ang mga Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ay dapat makumpleto gamit ang isang na-update na template para sa Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa [COVID19Prepared.org](https://www.covid19prepared.org).

3. **Pag-uulat ng positibong kaso:** Lahat ng mga negosyo (at mga entidad ng gobyerno) ay ligal na kinakailangan na mag-ulat sa Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan sa loob ng 4 na oras kung nalaman nila na ang alinman sa kanilang mga manggagawa ay nakumpirmang positibo sa COVID-19. Dapat din nilang tiyakin na ang mga manggagawa ay mag-alerto sa kanila kung sila ay nasuring positibo.
4. **Limitasyon sa Kapasidad:** Lahat ng mga negosyo ay dapat sumunod sa mga nalalapat na limitasyon sa kapasidad na itinatag sa [Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa mga Limitasyon sa Kapasidad](#).